Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-57 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 250-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HINIHILING SA PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD, SA PAMAMAGITAN NG *CITY TRAINING, EMPLOYMENT AND COOPERATIVE OFFICE (CTECO)*, *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE (PESO)* AT *BUSINESS PERMITS AND LICENSING DIVISION (BPLD)* NA PAIGTINGIN ANG PAGPAPATUPAD NG BATAS REPUBLIKA BLG. 10911 O ANG *ANTI - AGE DICRIMINATION IN EMPLOYMENT ACT* SA MGA ESTABLISYIMENTONG NASASAKOP NG LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng Batas Republika 7160, kilala sa taguring Local Government Code of 1991 na tungkulin ng isang Pamahalaang Lokal na isulong at itaguyod ang kagalingang panlahat at kabilang dito ang pagsulong sa pagbibigay ng trabaho sa lahat ng residente nito para sa pagtatamo ng isang payapa, maunlad at makatarungang lipunan;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos na nararapat at karapatan ng bawat isang Malolenyo na mabigyan ng pantay at kaparehong oportunidad ang bawat isa sa paghahanap ng trabaho, ano man ang kasalukuyang edad nito;

**SAPAGKAT,** may umiiral na Kapasiyahang Panlalawigan Blg. 047-T'18 na kinilala bilang "Isang Kapasyahang Panlalawigan na magalang na hinihiling na paigtingin ang pagpapatupad ng Batas Republika Blg. 10911 o ang *"Anti Age Discrimination in Employment Act"* sa bawat bayan at lungsod sa Lalawigan ng Bulacan;

**SAPAGKAT,** batay sa *Department Order No. 170* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* o ang pagpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon para sa Batas Republika Blg. 10911, kailangang mabigyan ng pantay na pagtrato at oportunidad ang lahat ng mga Pilipinong may trabaho at mga naghahanap pa lamang ng trabaho;

**SAPAGKAT,** batay sa pag-aaral ng *Commission on Human Rights of the Philippines* tungkol sa *Ageism* at *Age-Discrimination* na nailathala noong ika-30 ng Abril, 2021, ang diskriminasyon tungkol sa edad ay kalimitang nangyayari sa mga matatanda at sila ay nagkakaroon ng limitadong oportunidad sa trabaho;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** na ayon din sa *Commission on Human Rights of the Philippines*, ang mga babaeng may edad na ang siyang mas nakakaranas ng diskriminasyon dahil narin sa hindi pantay na pagtingin ng lipunan base sa kanilang kasarian;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE,** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod Abgdo. Christian D. Natividad, sa pamamagitan ng *City Training, Employment and Cooperative Office (CTECO), Public Employment Service Office (PESO) at Business Permits and Licensing Division (BPLD)* na paigtingin ang pagpapatupad ng Batas Republika Blg. 10911 o ang *Anti-Age Dicrimination in Employment Act* sa mga establisyimentong nasasakop ng Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08142023